

ANG MGA KAHIGITAN NG BUWAN NG SHA'BAN

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NG
ACADEMIC COMMITTEE
www.lastmsg.org.ph

باللغة الفلبينية - تغالوغ



TAGALOG



@laastmssg
info@lastmsg.org

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang Kahigitan ng Buwan ng Sha'ban

Tinukoy sa maraming mga Hadeeth ng Propeta Muhammad ﷺ ang hinggil sa pagdadakila sa buwang Sha'ban, at makikita ang lantad na kadakilaan nito sa pamamagitan ng mga sumusunod na puntos:

Una: Ang buwan ng Sha'ban ay buwan na nakakaligtaan ng karamihan sa mga tao; dahil sa pagkakalagay niya sa pagitan ng sagradong buwan (Rajab) at buwan ng pag-aayuno (Ramadhan).

Pangalawa: Ang buwang ng Sha'ban ay buwan na kung saan ay inaangat ang mga gawain patungo sa Allah ﷻ.

عن أسامة بن زيد قال: قلت: يا رسول الله! لم أرك تصوم من شهر من الشهور ما تصوم من شعبان، قال: ذلك شهر يغفل الناس عنه بين رجب ورمضان، وهو شهر ترفع فيه الأعمال إلى رب العالمين، فأحب أن يرفع عملي وأنا طائم" [النسائي 2357 - حسنه الألباني]

Isinalaysay ni Usama bin Zayd ؓ na kanyang sinabi: O Sugo ng Allah! hindi kita nakita na nag-aayuno sa ibang mga buwan na tulad ng pag-ayuno mo sa buwan ng Shaban? At kanyang sinabi: **"Ito ang buwan na nakakaligtaan ng mga tao sa pagitan ng Rajab at Ramadhan, at ito ang buwan ng pag-aangat sa mga gawain patungo sa Panginoon ng mga nilalang, at iniibig ko na iangat ang aking gawain habang ako'y nag-aayuno"**

[Inulat ni An-Nasa'iy - 2357 at ang Hadith ay Hasan ayon kay Al-Albaniy].

Pangatlo: **Ang buwan ng Sha'ban, ito ang buwan na paghahanda para sa Ramadhan.**

Dahil ang buwan ng Sha'ban ay katulad ng panimula para sa Ramadhan, ipinahintulot dito ang anumang ipinahintulot sa Ramadhan; upang sa ganoon ay makamit ang paghahanda sa pagsalubong sa Ramadhan, at masanay ang sarili sa pamamagitan nito sa pagsunod sa Allah ﷻ.

قال سلمة بن سهيل: كان يُقال: "شهر شعبان شهر القراء"

Sinabi ni Salama bin Suhayl -Rahimahullahu-: **"Tinatawag ang buwan ng Sha'ban na buwan ng mambabasa ng Qur'an"**

وكان عمرو بن قيس المُلائي إذا دخل شعبان أغلق حانوته وتفرغ لقراءة القرآن.
[ابن رجب - لطائف المعارف 135]

At nakasanayan na ni Amru bin Qays Al-Mula'iy kapag pumasok na ang buwan ng Sha'ban ay nagsasara ito ng tindahan niya at ginugugol niya ang oras para sa pagbabasa ng Qur'an"

[Ibn Rajb - Lataa'iful Maarif/135]

قال أبو بكر البلخي: "شهر رجب شهر الزرع، وشهر شعبان شهر سقى الزرع، وشهر رمضان شهر حصاد الزرع... فَمَنْ لم يزرع في رجب، ولم يسق في شعبان، فكيف يريد أن يحصد في رمضان؟! [لطائف المعارف 121]

Sinabi ni Abu Bakr Al-Balkhiy: "Ang Buwan ng Rajab ay buwan ng pagtatanim [ng kabutihan], at ang buwan ng Sha'ban ay buwan ng pagdidilig ng pananim [ng kabutihan], at ang buwan ng Ramadhan ay buwan ng pag-aani ng pananim [ng kabutihan], kaya't sinuman ang hindi nagtanim sa Rajab at hindi nagdilig sa Sha'ban, paano niya gugustuhin na umani sa Ramadhan?!"

[Ibn Rajb - Lataa'iful Maarif/135]

Pang-apat: Ang Buwan ng Sha'ban ay buwan ng pagpaparami ng pag-aayuno.

عن عائشة -رضى الله عنها- قالت: "وما رأيته -أى النبى ﷺ- فى شهر أكثر منه صيامًا فى شعبان" متفق عليه.

Isinalaysay ni 'Aishah - Radhiyahu Anha - na kanyang sinabi: "Hindi ko nakita ang Propeta ﷺ sa isang buwan na mas marami ang ang kanyang pag-aayuno maliban sa Buwan ng Sha'ban" [Inulat ni Bukhari at Muslim].

Mga dahilan at karunungan sa pagpaparami ng pag-aayuno sa buwan na ito:

- 1- Ang buwan ng Sha'ban ay buwan na nakakaligtaan ng karamihan sa mga tao
- 2- Ang buwan ng Sha'ban ay buwan na kung saan ay inaangat ang mga gawain patungo sa Allah ﷻ.

3- Bilang panimula sa sarili at pagsasanay nito; upang sa ganoon ay mapadali sa kanya ang pag-aayuno sa Ramadhan.

4- Bilang pagdakila sa Ramadhan; ito ay katulad sa mga Sunnah na isinasagawa bago ang obligadong pagdarasal; at bilang pagdakila sa karapatan nito.

(وأفضل التطوع ما كان قريبا من رمضان قبله وبعده، وتكون منزلته من الصيام بمنزلة السنن الرواتب مع الفرائض قبلها وبعدها. وهي تكملة لنقص الفرائض، وكذلك صيام ما قبل رمضان وبعده، فكما أن السنن الرواتب أفضل من التطوع المطلق بالصلاة، فكذلك يكون صيام ما قبل رمضان وبعده أفضل من صيام ما بُعِدَ عنه) [ابن القيم - تهذيب السنن 3/318 | ابن رجب - لطائف المعارف 129]

(At ang pinakamainam na boluntaryong gawain ay ang mga gawain isinasagawa sa nalalapit na buwan ng Ramadhan, ito man ay bago dumating o pagkatapos nito, at mangyayari na ang katayuan ng pag-aayuno rito ay katulad ng mga boluntaryong Salah na isinasagawa kasama ng mga obligadaong Salah, -bago at pagkatapos nito-. At ito ay pagganap sa mga kakulangan sa mga obligadong Salah, at ganoon rin ang pag-aayuno, bago at pagkatapos ng Ramadhan, at kung ang pinakamainam na boluntaryong Salah ay ang Sunan Rawatib, ganoon rin, ang pag-aayuno bago at pagkatapos sumapit ang Ramadhan ay mas mainam kaysa sa mga ibang gawaing pag-aayuno na malayo na sa buwan ng Ramadhan.)

[Ibn Qayyim - Tahdhibus Sunan: 3/318 | Ibn Rajb - **Lataa'iful Maarif**/129].